Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Si Jacob na Mandaraya

Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: M. Maillot at Lazarus
Ibinagay nila: M. Kerr at Sarah S.
Isinalin ni: Christie Cornejo
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2013 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.


Nagkaroon ba kayo ng bagong sanggol sa pamilya? Hindi ba napakasaya! Si Isaak at Rebeka ay nagkaroon ng kambal, kaya't doble ang kanilang kasiyahan!

Ang mga sanggol
ay naglilikot sa
tiyan ni Rebeka.
Sa kanyang
panalangin,
sinabi ng
Diyos na
ang dalawang
sanggol ay
magiging pinuno
ng dalawang bansa,
ngunit magiging higit
na malakas ang mas bata
kaysa sa nauna. Isinilang
na ang dalawang sanggol.

Ang kambal ay magkaiba. Si Esau, ang panganay, ay mabalahibo ang katawan at mahusay na mangangaso. Si Jacob naman ay makinis ang balat at tahimik lagi sa bahay. Mahal ni Isaak si Esau, at mahal ni Rebeka si Jacob.



Isang araw, si Esau ay umuwi ng gutom at sinabi kay Jacob, "Bigyan mo ako ng pagkain." Sumagot si Jacob, "Ibigay mo muna sa akin ang iyong karapatan bilang panganay." Nakipagkasundo si Esau at hindi binigyang halaga ang pangako ng Diyos sa mga panganay. Kaya't si Jacob ang magiging ulo ng pamilya sa paglisan ng kanilang ama.

Isang gabi, kinausap ng Diyos si Isaak, "Ako ang Diyos ng iyong ama na si Abraham. Ako ay kasama mo, at pagpapalain ko ang iyong lahi."

Kahit na si Isaak ay sumasamba sa Diyos, ang kanyang anak na si Esau ay nag-asawa ng dalawang babaeng dayuhan. Sila ay Heteo na hindi sumasamba sa Diyos.





Matanda na si Isaak. "Ihuli mo ako ng hayop at lutuin ang putahing gusto ko," ang sabi niya kay Esau. "At ikaw ay aking bibigyan ng basbas." Ang basbas na ito ay ang pagpala ng isang ama sa kanyang panganay. Kayat nagmadali si Esau. Ngunit narinig ni Rebeka ang lahat ng ito. Nais niyang si Jacob ang pagpalain at hindi si Esau.

Si Rebeka ay nag-isip. Kanyang niluto ang paboritong pagkain ni Isaak, at pinasuot kay Jacob ang damit ni Esau. Ang mga braso at leeg ni Jacob na walang balahibo'y binalutan niya ng balat ng hayop. Si Isaak ay hindi na nakakakita kayat maari ng madaya.

Dinala ni Jacob ang pagkain kay Esau. "Ang tinig mo ay parang kay Jacob, ngunit ang iyong kamay ay parang kay Esau," ang sabi ni Isaak. Pagkatapos kumain ni Isaak, kanyang binigyan ng basbas ang anak na



nakaluhod sa kanya.



Pagkaalis ni Jacob ay dumating si Esau. Ito po ang inyong pagkain, ang sabi ni Esau. Doon nalaman ni Isaak na siya ay nadaya. "Hindi ko na maibabalik ang pagpapala," ang iyak ni Isaak. Napuno ng galit si Esau. Inisip niya na patayin si Jacob.



Nalaman ni Rebeka ang balak ni Esau. "Pumunta ka sa iyong tiyo," ang sabi ni Rebeka kay Jacob, hanggang makalimot si Esau. Umayon din si Isaak na maghanap si Jacob ng asawa mula sa pamilya ni Rebeka.

Sa gabi ng paglalakbay ni Jacob, siya ay natulog at isang bato ang ginamit na unan. Maaring siya ay nalungkot o natakot. Ngunit siya ay hindi nag-iisa. Ang Diyos ay nagsalita sa kanya sa isang magandang panaginip.

"Ako ang Diyos ni Abraham at ni Isaac. Ako ay kasama mo. Ang lupang ito na iyong hinihigan ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong lahi. Sa iyong pamilya, ang lahat ng pamilya ng Israel ay pagpapalain." Nang matapos magsalita ang Diyos ay nagising si Jacob. Siya ay natakot.

Si Jacob ay tinanggap ng kanyang tiyo na si Laban. Siya din ay napa-ibig sa anak ni Laban na si Raquel, kayat siya ay naglingkod kay Laban ng 7 taon upang mapakasalan si Raquel.



Ngunit sa gabi ng kasal, dinaya ni Laban si Jacob.

"Ito ay si Leah, at hindi si Raquel," reklamo ni Jacob. "Dinaya mo ako." "Ang panganay ang unang dapat mag-asawa," sabi ni Laban. "Pakasalan mo si Raquel ngunit kailangan mong magsilbi muli ng 7 taon." Pumayag si Jacob. Marahil kanyang naalala ang kanyang pandaraya kay Esau.



Si Jacob ay nagkaroon ng 11 anak. Makalipas ang panahon, siya ay nagnais makabalik ng Kanaan kasama ang kanyang pamilya.

Ngunit si Esau ay nasa Kanaan, at maaring may panganib ang buhay ni Jacob. Ngunit isang araw, sinabi ng Diyos kay Jacob na bumalik ng Kanaan. Kaya't tinipon ni Jacob ang kanyang pamilya at mga hayop upang bumalik sa Kanaan.

Isang masayang paglalakbay. Sinalubong ni Esau si Jacob kasama ang 400 na tauhan.

Tumakbo si Esau
patungo kay Jacob,
at kanyang niyakap.
Ang magkapatid ay
nagkasundo muli, at
si Jacob ay nanirahan
sa Kanaan ng mapayapa.

Si Jacob na Mandaraya

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 25-33

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16